



Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



Disyembre, 2018

Highlights para sa Buwang Ito

“Jindo no Sakura” Opera, Kwento ni Chiune Sugihara



Pagganap ng nakaraang taon

“Hindi ko kayang ipagwalang-bahala na mamatay ang libu-libong taong humihingi sa akin ng tulong”. Si Chiune Sugihara, tinaguriang “Schindler ng Japan”, ay isang diplomat na nagbigay ng visa (salungat sa utos ng gobyerno ng Japan) at nagligtas sa buhay ng 6,000 na Hudyo noong WWII.

Ang mga kaapu-apuhan ng mga naligtas dahil sa kanyang mapagkawangawa ay umabot sa bilang na sampung libo, at ang mga mensahe ng pasasalamat ay patuloy na bumubuhos mula sa buong mundo.

Halina at panoorin ang kuwento niya sa pamamagitan ng opera.

◆**Petsa:** 2019 Enero 26 (Sabado), 27 (Linggo)

◆**Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza (3-42 Gakuen-cho, Gifu-shi)

◆**Admission Fee:** ¥4,000

◆**Para sa mga Katanungan:** Gifu Foundation for Education and Culture

☎058(233)8164 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanapang Salita:** ぎふ清流文化プラザ文化振興事業

●Populasyon sa Prepektura

1,999,839 (nabawasan ng 379)

Lalaki: 969,640 (nabawasan ng 55 katao)

Babae: 1,030,199 (nabawasan ng 324 katao)

※Setyembre 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.

※Ang () ay inihambing sa nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division.

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモダより

hanap in

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televisi

(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57

(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58

Ang 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 ay pinapalabas din sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Pindutin ang “d” button para makuha ang lokal na impormasyon!



Power of Ceramics: Modernism in Finnish Applied Arts



Michael Schilkin [sculpture (owl)], 1950s, Arabia Ceramics Company Collection Kakkonen (c)KUVASTO, Helsinki & JASPAR, Tokyo, 2018 C2428

Ang natatanging keramika ng Finland ay nabuo noong kinukuha nila ang kanilang kalayaan mula sa Russia sa pagtatapos ng Ika-19 na siglo. Noong kalagitnaan ng Ika-20 siglo, naging popular sila sa buong mundo.

Ang eksibit na ito ay nagtatampok ng mga gawa mula sa buong kilusan, mula

sa mga simula nito noong Ika-19 na siglo hanggang sa katanyagan nito noong dekada 1950s at 60s, na nagpapakita ng mga kagandahan ng Finnish keramika.

◆**Petsa:** hanggang 2019 Pebrero 24 (Linggo)

◆**Lugar:** Museum of Modern Ceramic Art, Gifu (Higashimachi, Tajimi-shi 4-2-5)

◆**Bayad:** Ordinaryo ¥1,000 • Kolehiyo ¥800 • Senior HS pababa LIBRE

◆**Para sa mga Katanungan:** Museum of Modern Ceramic Art, Gifu

☎0572(28)3100 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanapang Salita:** 岐阜県現代陶芸美術館

Kahon ng Impormasyon

Eksaminasyon Entrance Examination sa Gifu Prefecture Agricultural College

- ▲ **Petsa ng Eksaminasyon:** Enero 18, 2019 (Biyernes)
- ▲ **Klasipikasyon ng Eksaminasyon:** General
- ▲ **Lugar ng Eksaminasyon:** Gifu Prefecture Agricultural College (Kani-shi)
- ▲ **Application Form:** ipinamamahagi sa Gifu Prefecture Agricultural College (maaring humingi sa pamamagitan ng koreo)
- ▲ **Para sa Katanungan:** Gifu Agricultural College ☎ 0574(62)1226 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ▲ **Hanaping Salita:** 岐阜県農業大学校

Impormasyon Tungkol sa *Anma* at Shiatsu Massage Treatments

- Kinakailangan ang mga lisensyang pambansa upang magsagawa ng *anma* massages, shiatsu, acupuncture, o moxibustion bilang isang negosyo. Sinuman na nagsasagawa ng alinman sa mga paggamot na ito para sa negosyo nang walang naaangkop na lisensya ay mananagot sa mga legal na parusa. Kung nais na magpa *anma* massage, shiatsu, acupuncture o moxibustion, mangyaring kumpirmahin na ang inyong manggagamot ay isang lisensyadong practitioner. Ang listahan ng mga lisensiyadong pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyong ito ay matatagpuan sa website ng Gifu Prefectural Government.
- ▲ **Para sa Katanungan:** Gifu Medical Institutions Management Division o sa pinaka malapit na Public Health Centers ☎ 058(272)8265 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
 - ▲ **Hanaping Salita:** 岐阜県 施術所開設届一覧

Impormasyon Screening ng mga Hindi Naipalabas na Aircraft Films

- Magsasagawa ng isang screening ng dati nang footage ng sasakyang panghimpapawid, kabilang ang mula sa produksyon ng sasakyang panghimpapawid ng digmaan ng Hien, at isang panayam mula sa Tsuruo Torikai na kasangkot sa disenyo ng unang pasahero ng sasakyang pang himpapawid YS-11 kasunod ng WWII. (Kailangan naka-sign up nang maaga para sa lecture.)
- ▲ **Petsa:** Disyembre 8 (Sabado) ~ Disyembre 27 (Huwebes)
 - ▲ **Lugar:** Gifu-Kakamigahara Air and Space Museum (Kakamigahara-shi)
 - ▲ **Kapasidad:** Screening 140 katao /screening (first come first served)
Lecture (Disyembre 8 lamang) 130 katao (ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga aplikasyon na natanggap)
 - ▲ **Bayad:** LIBRE (kailangan lang ng entrance fee para sa museo)
 - ▲ **Para sa Aplikasyon • Katanungan:** Gifu-Kakamigahara Air and Space Museum ☎ 058(386)8500 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
 - ▲ **Hanaping Salita:** そらはく

Konsultasyon Libreng Konsultasyon para sa mga Taong may Maraming Utang

- ▲ **Petsa:** Disyembre 8 (Sabado) 13:00~16:00
- ▲ **Lugar:** People's Consultation Center ng Gifu Prefecture (Gifu-shi)
※Kailangan ng reserbasyon dalawang (2) araw advance • LIBRE
- ▲ **Kapasidad:** 6 na katao (first come first served)
- ▲ **Paraan ng Konsultasyon:** Panayam (1 tao/ 30 minutos)
- ▲ **Para sa Aplikasyon • Katanungan:** General Consultation Center para sa mga Mamamayan ng Gifu ☎ 058(277)1003 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ▲ **Hanaping Salita:** 岐阜県 多重債務相談

Impormasyon Bumili ng Year End Jumbo Lottery (*Takarakuji*) sa loob ng Prepektura!

- Humigit-kumulang 40% ng nabebentang loterya sa loob ng prepektura ay nagiging kita ng Gifu. Ginagamit ito sa pagtaguyod ng munisipalidad, aksyon para sa tumatandang populasyon at bumababang birthrate ng lipunan, atbp. Kung kaya't para sa mga bibili, mangyaring tangkilikin at bumili sa mga tindahan sa loob ng Gifu.
- ▲ **Panahon ng pagbebenta ng Loterya:** Nobyembre 21 (Miyerkoles) ~Disyembre 21 (Biyernes)
 - ▲ **Para sa Katanungan:** Gifu Finance Division ☎ 058 (272) 1130 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Pangangalap Mga Insentibo para sa Mga Kumpanya na may Empleyadong Volunteer Firefighters

- Ang Gifu Prefecture ay nag-aalok ng mga insentibo sa buwis para sa mga kumpanyang nagsisikap na lumikha ng isang kapaligiran kung saan madali para sa mga empleyadong volunteer fire-fighters na lumahok sa mga fire-fighting activity.
- ▲ **Target:** Korporasyon o indibidwal na nakakatugon sa mga kinakailangang sertipikasyon
 - ▲ **Naaangkop na Buwis at Panahon ng Pagbubuwis:**
(Corporate Enterprise Tax) Bawat Fiscal Year na nagtatapos sa pagitan ng Abril 1, 2016 at Marso 31, 2020
(Individual Enterprise Tax) Buwis na nalalapa sa sweldo noong FY 2016~2019

▲Para sa mga Katanungan: Gifu Prefecture Fire Services Division

☎ 058(272)1122 (tumatugon sa wikang Hapon lamang)

▲Hanaping Salita: 岐阜県消防団協力事業所支援減税制度

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Oktubre 23, 2018.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumatugon sa wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp>